

MGA AKLAT NA DEUTEROKANONIKO

Wala sa Bibliang Hebreo o sa mga Bibliang Protestante ang mga aklat na ito: **Tobit, Judit, Baruc, Karunungan** at **Sirac**, pati na ang mga aklat ng **Mga Macabeo**. Ngayon, kung may dipagkakasundo tungkol sa ilang aklat, ano ang naging mga batayan para tanggapin ang ibang mga aklat? Hindi ba natin dapat kalimutan na lamang ang problemang ito at sabihing walang anumang katiyakan para sa alinmang aklat kundi opinyon lamang ito ng nakararami?

Kailangan nating banggitin uli na hindi pa biblia ang Biblia noong unang panahon. Sa loob ng maraming dantaon, ang bukambibig na tradisyon na ipinapasa ng mga pari at mga propeta ang siyang Salita ng Diyos. Pagkabalik ng Israel mula sa Pagkatapon, lalo na sa kapanahunan ni Esdras, saka lamang dahan-dahang lumitaw ang mismong pagkaunawa sa Biblia bilang kalipunan ng mga sagradong akda. Sa mga propeta at sa pamayanan ng mga sumasampalataya, una'y Judio at pagkatapos ay Kristiyano, nagsimula ang Biblia. Sa panahon ni Jesus, itinuturing ng lahat na Kasulatan ang mga aklat ni Moises. Para naman sa mga Saduseo, hindi masyadong mahalaga ang aklat ng mga propeta, gayong kinasihang ang turing sa mga ito ng lahat ng mga pangkat sa relihiyon, pati na ng mga Pariseo. Ngunit sa paglipas ng panahon, walang anumang malinaw na tuntunin at walang katiyakan sa antas ng awtoridad na dapat ibigay sa mga ito, idinagdag sa mga unang aklat ang iba pang mga aklat na pinagsama-sama bilang Mga Akda o Mga Aklat ng Karunungan.

Hindi sa Hebreo nasusulat ang ilan sa mga aklat na ito kundi sa wikang Griyego ang karamihan sa mga Judio noo'y nasa mga bansang Griyego ang salita. Kayat idinagdag ang mga librong ito sa saling-Griyego ng Biblia bago ito lumabas sa Palestina kung saan marami ang nakakaintindi ng Griyego. Dahil dito, mas marami ang gumagamit sa mga libro sa Bibliang Griyego sa ibang bansa at maging sa mga sinagoga sa Palestina.

Saka lamang nagpatawag ng konsilyo sa Jamnia (95 AD) ang mga Pariseo nang wasakin ng mga Romano ang kaniilang bansa. Layunin nito na isaayos ang sambayanan ng mga Judio: doon din sila nagtakda ng lista ng mga kinasihang Kasulatan at hindi ibinilang ang lahat ng librong nasusulat sa Griyego: tangang sa salita lamang ng mga Judio makapangungusap ang Diyos!

Noon nama'y may sarili nang kaugalian ang Iglesya. Ang Bibliang Griyego ang ginamit ng mga apostol nang walang anumang pag-uuri sa iba't ibang aklat kundi sa mga bagong sulat na aklat ng pamayanang Kristiyano nakatuon ang kaniilang mga talakayan upang linawin kung alin ang dapat ibilang sa Bagong Tipan. Sa taong 384, isang dekreto ni Papa Damaso ang nagtakda sa kanon o nilalaman ng Bibliang Kristiyano na tanggap na ng karamihan. Pinanatili nila ang ilang libro mula sa Bibliang Griyego na tinanggihan naman ng mga Judio sa Jamnia. Ang mga ito ang tinatawag na mga aklat na deuterokanoniko, na ibig sabih'y mga aklat ng ikalawang kalipunan.

Makaraan ang labindalawang dantaon, nang humiwalay ang mga Protestante, hindi nila kinuwestiyon ang "kanon" sa pagpili ng mga aklat ng Bagong Tipan, pero ang mga aklat na deuterokanoniko ang hindi nila sinang-ayunan. Nagwakas ito sa pasya nilang mas makabubuting huwag ibilang ang mga ito at tawaging "apokripa," ibig sabih'y hindi tunay.

Kung sasabihin nating unti-unting tinuruan ng Diyos ang kanyang bayan sa kapanahunan ng Matandang Tipan, maiintindihan natin ang kahalagahan ng mga librong ito, na bunga ng huling tatlong dantaon bago dumating si Kristo. Ang mga ito ang nag-uugnay sa mga librong Hebreo at sa mga aklat ng Bagong Tipan na nasusulat sa Griyego. Patotoo ang mga ito sa simula ng paniniwala sa pagkabuhay ng mga patay at sa mga unang pagkaunawa na naghandang pagbubunyag ng Salita at ng Espiritu.

Ipinaaalaala sa atin ng mga talakayan sa mga aklat na deuterokanoniko na kung walang Iglesyang magtatakda kung alin ang kinasihang mga aklat, walang makapagsasabi kung alin ang salita ng Diyos at alin ang hindi. Bago magkaroon ng Bibliang Kristiyano, kailangan munang magkaroon ng Iglesyang mula sa mga apostol.